

## OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 28, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## Ang Lungsod ng Long Beach ay Nanghihingi ng Input mula sa Komunidad gamit ang Online Sarbey na ReopenLB

LONG BEACH, CA — Sa araw na ito, inilunsad ng Lungsod ng Long Beach ang isang sarbey online, [ReopenLB](#), upang humingi ng mga input mula sa mga residente, manggagawa, at may-ari ng negosyo tungkol sa kung paano ligtas na mabuksan muli ang lokal na ekonomiya sa sandaling ipahiwatig ni Gobernador Newsom na ligtas na gawin ito.

“Ang aming sarbey ng pagbawi ng ekonomiya ay nagbibigay ng oportunidad para sa lahat ng mga residente at lokal na negosyo na makapagbigay ng opinyon kung paano mabubuksan ang ekonomiya ng Long Beach sa pinakaligtas na paraan na posible,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Kami ay naniniwala na ang pinaka mahusay at pinaka makabagong mga ideya ay manggagaling sa mga may-ari ng maliliit na negosyo na nakakaalam ng kanilang negosyo at mga customer.”

Ang mga katanungan sa sarbey ay nanghihingi ng input mula sa mga residente kung nararamdaman nilang ligtas na bumalik sa trabaho o mabuksan muli ang kanilang mga negosyo, at para malaman kung ano ang intinuturing nilang mga aktibidad na may mababang peligro. Ang mga resulta ay kokolektahin at ibabahagi sa Konseho ng Lungsod. Ang anumang mga desisyon ukol sa muling pagbukas ng mga espasyo ay naaayon sa utos na “Masligtas na nasa Tahanan” ni Gobernador Newsom at ang utos ng Opisyal ng Kalusugan ng Long Beach, ngunit ang mga opinyon ng komunidad ay isasaalang-alang bilang isang diskarte para ligtas na muling mabuksan ang mga negosyo na may mababang peligro at mga aktibidad panlibangan. Ang mga impormasyon sa pakikipag-ugnay ng mga kalahok ay maaari lamang gamitin

pang-follow-up sa mga katanungan ng mga kawani ng Lungsod kung kinakailangan, at hindi ibabahagi sa publiko.

Ang mga residente ay maaaring nang magsimula na magbigay ng kanilang input sa pagbisita sa [www.longbeach.gov/ReopenLB](http://www.longbeach.gov/ReopenLB). Ang link ng sarbey ay ibabahagi rin sa pamamagitan ng iba't ibang channel kabilang ang email, social media, at iba't ibang mga organisasyong pangkomunidad. Ang mga sagot sa sarbey ay kokolektahin hanggang 5 p.m. ng Lunes, Mayo 4.

Ang ReopenLB ay isa sa mga maraming pagsisikap ng Lungsod upang makisali sa komunidad at ma-offset ang mga epekto ng COVID-19 sa ekonomiya. Ang iba pang mga action kabilang sa pagsisikap ay ang pagtatag ng Long Beach Disaster Relief Fund; isang [komprehensibong Economic Relief Package](#) na ipinasa ng Konseho ng Lungsod noong Abril 14; ang paglulunsad ng programang [Work Long Beach](#) ng Pacific Gateway; at ang pagtatag ng [Economic Recovery Advisory Group](#). Nagtatag din ang Lungsod ng isang hotline para sa mga may-ari ng mga negosyo at manggagawa, 562.570.4BIZ (4249), na bukas mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](http://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instagram.

###